

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

MUNDET et múníat nos, quæsumus, Dómine, divíni sacraménti munus oblátum: et, intercedénte beáta Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, a cunctis nos reddat et perversitátibus expíatos, et adversitátibus expéditos. Per eúndem Dóminum.


NAWA'Y PAGTIBAYIN at malinisan nawa kami, aming iniluluhog sa iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng mabathalang sakramento na inihandog namin: at, sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, linisin mo nawa kami sa lahat ng aming maling gawain, at iligtas sa lahat ng kapahamakan. Sa pamamagitan pa rin...

- *Ang ika-3 Panalangin ay mapipili sa Misal ayon sa nais ng pari na nagmimisa.*

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

LINGGO NG SEPTUAGESIMA

(Pitumpung Araw Bago ang Paskwa)



Misa "Circumdederunt me"

• I cl. • Semidoble I cl. • Lila

Maiksing Pagninilay

SINISIMULAN natin ngayon ang ating paghahanda para sa Cuaresma. Hindi na rin inaawit sa Misa hanggang sa Jueves Santo ang "Aleluya", habang ang "Luwalhati sa Dios" nama'y inaawit lamang sa mga Pista. Ang mga Panalangin at Pagbasa ngayong Linggo'y mayaman sa mga kaugnayan ukol sa ating buhay Cristiano. Totoo na ang ating araw-araw na pamumuhay ay may kalakip na pakikidigma laban sa mga kampon ng dilim. Ang tukso, ang kasalanan, ay bunga ng pagsuway ng ating Unang Magulang. Sumunod din ang mga panahon nang ang mga tao'y laganap na sa mundo pati ang kasamaan nila'y sukdulan, kaya't nilubog ng Dios ang sandaigdigang sa isang Malaking Baha. Kaya't ngayon, tayong mga binyagan, na narito pa sa "lupang tigib ng hapis", tayong mga nangamatay na't muling nabuhay kasama ni Jesús, ay dapat paigtingin, palakasin, at patatagin ang ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng "pananampalatayang may pagkilos ng pag-ibig."

Sino ba ang tunay na maliligtas at makararating doon sa Langit? Yaong mga nagsikap na sundin ang mga ipinaguutos ni Cristo nang may pag-ibig. Yaong mga nananatili sa Katotohanan ng Dios. Wika ni Cristo: "Hindi lahat ng tumatawag na 'Panginoon, Panginoon', ay maliligtas."

Huwag sana tayong manatiling mga nakatayo lamang sa daigdig na ito. Lagi nating itampok sa ating buhay ang kalooban ng Dios. Balang araw, haaharap tayo sa Kaniya upang ilahad ang lahat ng ating mga ginawa, mabuti o masama.

Makaraan ang Purificacion ni Santa Mariang Birhen (ika-2 ng Pebrero), ito ang mga sumusunod na ikalawang panalangin sa Misa:

IKA-2 PANALANGIN: UPANG HINGIN ANG TULONG NG MGA BANAL

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

A CUNCTIS nos, quæsumus, Dómine, mentis et córporis defénde perículis: et, intercedénte beáta et gloriósa semper Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, salutem nobis tríbue benígnus et pacem; ut, destrúctis adversitátibus et erróribus univérsis, Ecclésia tua secúra tibi sérviat libertáte. Per eúndem Dóminum.

IPAGTANGGOL mo mula sa lahat ng mga panganib sa aming katawan ang pag-iisip, Panginoon, hinihiling namin: at sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga Santo, puspusin mo nawa kami ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ng iyong kabutihan, nang sa ganoon ay sa pagkawasak ng kahirapan at kamalian, nawa ay mapagsilbihan kayo sa kapayapaan ng Santa Iglesiang hirang. Sa pamamagitan pa rin...

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

EXAUDI nos, Deus, salutáris noster: ut, per hujus sacraménti virtútem, a cunctis nos mentis et córporis hóstibus tueáris; grátiam tríbuens in præsénti, et glóriam in futúro. Per Dóminum.

PAKINGGAN mo kami, Diyos na aming manliligtas: at sa iyong nakakagaling na sakramento, ipagtanggol Mo kami sa kaaway ng katawan at isipan. Pagkalooban Mo nawa kami ng grasya ngayon, at kaluwalhatian sa panghinaharap. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

OBLATIS, quæsumus, Dómine, placare munéribus: et famulum tuum **N.**, quem pastorem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti, assídua protectióne gubérna. Per Dóminum.

MALUBAG nawa ang Iyong kalooban, Panginoon, dito sa aming mga alay ng pakikipagkasundo. Sa iyong walang patid na pagpapatnubay, gabayan mo ang iyong lingkod na si **N.** na siyang hinirang mo bilang pastol ng Iyong Simbahan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

HAEC nos, quæsumus, Dómine, divini sacraménti percéptio prótegat: et famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti; una cum commísso sibi grege, salvet semper, et múniat. Per Dóminum.

PANGINOON, kaming tumanggap ng banal mong sakramento ay lagi mo sana kaming ipagsanggalang at iligtas kasama ni **N.**, na iyong lingkod, na siyang hinirang Mo upang pamunuan ang Iyong Simbahan, kasama ng kawang ipinagkatiwala mo sa kaniya. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

- *Ang ika-3 Panalangin ay mapipili sa Misal ayon sa nais ng pari na nagmimisa.*

ANG MISA

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 17:5-7

CIRCUMDEDERUNT me gémitus mortis, dolóres inférni circumdederunt me: et in tribulatióne mea invocávi Dóminum, et exaudivit de templo sancto suo vocem meam. — *Ps 17:2-3* Díligam te, Dómine, fortitúdo mea: Dóminus firmaméntum meum, et refúgium meum, et liberátor meus. *V.* Gloria Patri. Circumdede runt.

PINALILIGIRAN AKO ng mga daluyong ng kamatayan, at pumapalibot naman sa akin ang mga agos ng impyerno. At sa aking paghihirap ay tumawag ako sa Poong Mahal: at dininig Niya ang aking tinig mula sa Kaniyang banal na templo. — *Salmo 17:2-3* Iibigin kita, Panginoon, ikaw na aking lakas: ikaw, ang Panginoon ang aking saligan, at aking tagapag- ampon, at aking tagapagligtas. *V.* Luwalhati sa Ama. — Pinaliligiran ako...

- *Hindi aawitin ang Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios) hanggang sa Jueves Santo, maliban sa mga kapistahan.*

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

PRECES populi tui, quásumus, Dómine, cleménte exáudi: ut, qui iuste pro peccátis nostris affligimur, pro tui nóminis glória misericórditer liberémur. Per Dominum.

PANGINOON, para Mo nang awang pakinggan ang mga panalangin ng Iyong bayan: upang kaming nangahahapis sa dahil sa aming mga kasalanan ay mailigtas ng Iyong awa sa kapurihan ng Iyong pangalan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Sa mga Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Parangal kay Santa Mariang Birhen", pah. 6: o 'di kaya'y "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal," pah. 9

Ika-3 panalangin, "Para Santa Iglesia (o Santo Papa) pah. 7-8 o 'di kaya'y yaong mapipili sa Misal ng pari na magmimisa.

SULAT • 1 Cor 9:24-27; 10:1-5

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

MGA KAPATID: Hindi ba ninyo nalalaman na tumatakbong lahat ang mga kasali sa isang takbuhan, ngunit iisa lamang ang tumatanggap ng gantimpala? Kaya't tumakbo kayo sa paraang kayo'y magkakamit niyon. Ang mga nakikipagpaligsahan sa mga palaro ay nagpipigil sa sarili sa lahat ng bagay.

Ginagawa nila iyon upang sila ay magkamit ng isang koronang nasisira, ngunit tayo'y para sa hindi nasisira. Kaya't ako'y tumatakbo hindi gaya ng walang patutunguhan; hindi ako sumusuntok na parang sumusuntok sa hangin. Sa halip ay sinusupil ko ang aking katawan, at inaalipin ko ito, baka pagkatapos na mangaral ako sa iba, ako mismo ay hindi makapasa sa pagsubok. Mga kapatid, nais kong malaman ninyo na ang ating mga ninuno ay napasailalim ng ulap, at silang lahat ay tumawid sa dagat, at lahat ay nabautismuhan kay Moises sa ulap at sa dagat. Silang lahat ay kumain ng parehong pagkaing espirituwal; at lahat ay uminom ng parehong inuming espirituwal. Sapagkat sila'y uminom mula sa batong espirituwal na sumunod sa kanila, at ang Batong iyon ay si Cristo. Ngunit hindi nasiyahan ang Diyos sa karamihan sa kanila. — *R. Salamat sa Diyos.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 9:10-11, 19-20

ADIUTOR in opportunitátibus, in tribulatióne: sperent in te, qui novérunt te: quóniam non derelínquis quæréntes te, Dómine, *V.* Quóniam non in finem oblióio erit páuperis: patiéntia páuperum non peribit in ætérnum: exsúrge, Dómine, non præváleat homo.

TAGATULONG KA sa panahon ng kapighatian: umaasa sa Iyo ang mga nangakakaalam sa Iyo: sapagkat hindi Mo pinababayaang ang mga humahanap sa Iyo.

V. Hindi Niya kalilimutan ang dukha hanggang sa katapusan: ang pagtitiis ng dukha'y hindi mapapawi kailanman: bumangon Ka, Panginoon; at huwag mong hayaang manaig ang tao.

TRACTO • Ps 129:1-4

DE PROFUNDIS clamávi ad te. Dómine: Dómine, exáudi vocem meam.

V. Fiant aures tuæ intendéntes in oratióne servi tui.

V. Si iniquitátes observáveris, Dómine: Dómine, quis sustinébit?

V. Quia apud te propitiátio est, et propter legem tuam sustínui te, Dómine.

MULA SA MGA KALALIMAN ay dumaing ako sa Iyo, Panginoon: Panginoon, dinggin Mo ang aking tinig.

V. Pakinggan ng Iyong mga tainga ang panalangin ng Iyong lingkod.

V. Kung mapansin mo sana ang mga sala, Panginoon: Panginoon, sino kaya ang makatatayo?

V. Nasa Iyo ang kapatawaran, at dahil sa Iyong kautusan, ako'y umaasa sa iyo, Panginoon.

Mula Septuagesima hanggang sa buong panahon ng Cuaresma, ang Tracto ay inaawit o sinasambit lamang tuwing Linggo at mga Pista. Sa karaniwang araw, tanging ang Paningit na Awit lamang ang binabanggit.

**IKA-3 PANALANGIN:
PARA SA SANTA IGLESIANG INA NATIN**

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

ECCLESIAE tuæ, quaesumus, Dómine, preces placatus admítte: ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, secúra tibi sérviat libertate. Per Dominum.

TANGGAPIN mong malugod ang panalangin ng iyong Simbahan, O Panginoon. Lipulin mo sana ang lahat ng mga kaguluhan at kamalian, upang mapaglingkuran Ka nawa niya sa katiwasayan at kalayaan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

PROTÉGÉ nos, Dómine, tuis mystériis serviéntes: ut divínis rebus inhæréntes, et córpore tibi famulémur, et mente. Per Dominum.

IPAGSANGGALANG mo kami, Panginoon, na naglilingkod sa dambana upang ganapin ang iyong mga misteryo. Itulot mong tumangan kami sa mga bagay na makalangit upang mapaglingkuran ka namin sa katawan at kaluluwa. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

QUAESUMUS, Dómine Deus noster: ut, quos divína tribuis participatióne gaudére; humanis non sinas subjacére perículis. Per Dominum.

PANGINOON naming Diyos, huwag Mo sanang hayaang malupig ng anumang kaaway ang mga niloob Mong tumanggap at nakibahagi sa iyong mga banal na sakramento. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

o 'di kaya'y itong sumusunod na ika-3 Panalangin na hahalili sa itaas:

PARA SA SANTO PAPA

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, ómnium fidélium pastor et rector, famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præsse voluísti, propítius réspice: da ei, quaesumus, verbo et exemplo quibus præst proficere; ut ad vitam, una cum grege sibi crédito, pervéniat sempitérnam. Per Dominum.

O DIOS, ikaw ang pastol at pinuno ng tanang mananampalatya. Tunghayan mo sana ang iyong lingkod na si **N.**, na itinalaga mo upang mamuno sa Iyong Simbahan. Ipagkloob mo, na sa kaniyang salita at gawa, patatagin nawa niya ang kalooban ng kawang ipinagkatiwala sa kaniya, at makarating ang tanan sa buhay na walang-hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

MGA PANALANGIN PARA SA IBA'T IBANG PANGANGAILANGAN

- *Bago ang Purificacion ni Santa Mariang Birhen (ika-2 ng Pebrero), ito ang mga sumusunod na ikalawang panalangin sa Misa:*

**IKA-2 PANALANGIN:
PARANGAL KAY SANTA MARIANG BIRHEN**

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui salutis aeternae, beatae Mariae virginitate fecunda, humano generi praemia praestitisti, tribue, quaesumus, ut ipsam pro nobis intercedere sentiamus, per quam meruimus auctorem vitae suscipere, Iesum Christum Filium tuum: Qui tecum vivit et regnat.

O DIOS, sa pamamagitan ng Birheng Ina ng Diyos, ipinagkaloob mo sa sangkatuhan ang biyaya ng buhay na walang hanggan. Loobin mong madama namin ang kalinga ng Mahal na Birhen, na sa pamamagitan niya'y tinanggap namin ang iyong Anak, na siyang Maylikha ng Buhay. Siyang nabubuhay at naghahari...

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

TUA, Dómine, propitiatióne, et beatae Vírginis et Matris María intercessióne, ad perpétuam atque praesentem hæc oblátio nobis proficiat prosperitátem et pacem. Per Dóminum.

PANGINOON, sa Iyong awa at sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, ang mga handog na iniaalay sa Iyo ay maging aming kapakanan at kapayapaan ngayon at sa buhay sa kabila. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SUMPTIS, Domine, salutis nostræ subsidiis: da, quaesumus, beatae Mariæ semper Virginitatis patrociniis nos ubique protegi; in cuius veneratio hæc tuæ obtulimus majestati. Per Dominum.

KAMING tumanggap ng mga tulong para sa aming kaligtasan, Panginoon, ay lagi kaming ipagtanggol pakundangan kay Santa Mariang laging Birhen, alang-alang sa kaniyang karangala'y inialay ang mga handog na ito sa Iyong kamahalan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesùs sa kaniyang mga alagad ang talinhagang ito: “Ang kaharian ng langit ay maitutulad sa isang taong lumabas nang maagang-maaga upang kumuha ng manggagawa para sa kanyang ubasan. Nang magkasundo na sila sa upa na isang salaping pilak sa maghapon, ang mga manggagawa ay pinapunta niya sa kanyang ubasan. Lumabas siyang muli nang mag-aalas nuwebe ng umaga at nakakita siya ng iba pang tatayu-tayo lamang sa palengke. Sinabi niya sa kanila, ‘Pumunta rin kayo at magtrabaho sa aking ubasan, at bibigyan ko kayo ng karampatang upa.’ At pumunta nga sila. Lumabas na naman siya nang mag-aalas dose ng tanghali at nang mag-aalas tres ng hapon, at ganoon din ang ginawa niya. Nang mag-aalas singko na ng hapon, siya’y lumabas muli at nakakita pa ng mga ibang wala ring ginagawa. Sinabi niya sa kanila, ‘Bakit tatayu-tayo lang kayo dito sa buong maghapon?’ ‘Wala po kasing magbigay sa amin ng trabaho,’ sagot nila. Kaya’t sinabi niya, ‘Kung gayon, pumunta rin kayo sa aking ubasan.’* “Nang gumagabi na, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang katiwala, ‘Tawagin mo na ang mga manggagawa at bayaran mo sila magmula sa huli hanggang sa unang nagtrabaho.’ Ang mga nagsimula nang mag-aalas singko ng hapon ay tumanggap ng tig-iisang salaping pilak. Nang lumapit ang mga nauna, inakala nilang tatanggap sila nang higit doon; ngunit ang bawat isa’y binayaran din ng tig-iisang salaping pilak. Nang magkagayo’y nagreklamo sila sa may-ari ng ubasan. Sinabi nila, ‘Isang oras lamang nagtrabaho ang mga ito na huling dumating, samantalang maghapon kaming nagtrabaho at nagtiis sa nakakapasong init ng araw. Bakit naman pinagpare-pareho ninyo ang aming upa?’ Sumagot ang may-ari ng ubasan sa isa sa kanila, ‘Kaibigan, hindi kita dinadaya. Hindi ba’t pumayag ka sa isang salaping pilak? Kunin mo ang para sa iyo at umalis ka na. Ano sa iyo kung ibig kong bayaran ang nahuli nang tulad ng ibinayad ko sa iyo? Wala ba akong karapatang gawin sa ari-arian ko ang aking maibigan? Kayo ba’y naiinggit dahil ako’y nagmagandang-loob sa iba?’* At sinabi ni Jesùs, “Ang nahúhulí ay mauuna, at ang nauuna ay mahuhuli.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

AD te levavi animam meam: Deus meus, in te confido, non erubescam: neque irrideant me inimici mei: etenim universi, qui te expectant, non confundentur.

SA iyo ko itinataas ang aking kaluluwa: O Diyos ko, sa Iyo ako’y nananalig, huwag nawa akong mapahiya; huwag sana akong pagtawanan ng aking mga kaaway: sa umaasa sa iyo’y walang mabibigo.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

MUNERIBUS nostris, quæsumus, Dómine, precibusque susceptis: et coeléstibus nos munda mystériis, et cleménter exáudi. Per Dóminum.

TANGGAPIN mo nawa ang aming mga handog at panalangin, Panginoon. Linisin nawa kami ng mga banal na misteryong ito at maawain Mo kaming pakinggan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spírítu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spírítu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis propríetas, et in esséntia únitas, et in maiestáte adorétur æquáalitas.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka’t kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 84:13

DOMINUS dabit benignitátem: et terra nostra dabit fructum suum.

ANG PANGINOON ang nagbibigay ng kabutihán; at ang ating lupai’y mamumunga na masagana.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SUSCIPIAMUS, Dómine, misericórdiam tuam in médio templi tui: ut reparatiónis nostræ ventúra sollémnia cóngruis honóribus præcedámus. Per Dominum.

MATANGGAP nawa namin, Panginoon, ang Iyong awa sa Iyong tahanan: at nang kami’y mauna ng karapat-dapat sa darating na pagdiriwang ng pagliligtas sa amin. Alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin...